IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Kagamitang Panteknolohiya at Pagtuturo ng Panitikang Pambansa ng mga Piling Guro ng Sangay ng Davao del Norte

**CARLINE JANE B. DUSAL**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.

*Abstrak* — Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng kagamitang panteknolohiya at pagtuturo ng panitikang Filipino ng mga piling guro sa Sangay ng Davao del Norte, Panuruan 2024-2025. Ginamit ang deskriptibo-korelasyonal na disenyosa 58 guro na pinili gamit ang random sampling upang masuri ang antas ng paggamit ng teknolohiya at ang kaugnayan nito sa apat na makrong kasanayan. Nagsagawa ng sarbey gamit ang balidong instrumento at isinagawa ang pangangalap ng datos na may pagsasaalang-alang sa mga etikal na alituntunin. Ginamit sa pagsusuri ng mga datos ang mean, Person's r, at multiple regression. Ipinakita ng resulta na ang paggamit ng kagamitang panteknolohiya ng mga guro ay nasa napakataas na antas, gayundin ang kanilang pagtuturo sa panitikang Filipino. Lumitaw sa pagsusuri na may positibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng teknolohiya at kalidad ng pagtuturo. Bukod dito, natukoy rin na may mga partikular na kagamitang may direktang impluwensiya sa pagtuturo, tulad ng kompyuter at lapel, na malaki ang naiambag sa paghahanda ng materyales at pagpapalinaw ng aralin sa klase. Iminumungkahi ng pag-aaral ang patuloy na pagsasanay at suporta sa mga guro upang mas mapalawak ang kanilang kakayahang gamitin ang mga kagamitang panteknolohiya sa mas episyenteng paraan.

***Keywords* — *Kagamitang panteknolohiya, Panitikang Filipino, pagtuturo, makrong kasanayan, interaktibong pagkatuto***

## I. Introduction

Sa gitna ng patuloy na modernisasyon ng edukasyon, isang mahalagang aspeto na kinakaharap ng mga guro ay ang epektibong integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo, partikular sa mga asignaturang nangangailangan ng masining at malalim na pag-unawa gaya ng Panitikang Filipino. Sa konteksto ng Davao del Norte, kapansin-pansin ang paggamit ng iba't ibang kagamitang panteknolohiya tulad ng kompyuter, lapel, at LCD projector sa mga silid-aralan. Gayunpaman, nananatiling tanong kung hanggang saan ang lawak at bisa ng paggamit ng mga kagamitang ito sa pagtuturo ng panitikang pambansa, at kung may ugnayan ito sa mga kasanayang pampanitikan ng mga mag-aaral tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.

Ang paggamit ng lapel microphone ay kinikilala bilang isang makabagong inobasyon sa edukasyon na may direktang epekto sa kalidad ng komunikasyon sa silid-aralan. Ayon sa American University in Cairo (2023), ang lapel ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kalidad ng tunog at pagbabawas ng alingawngaw, bagay na mahalaga sa malinaw na transmisyon ng mensahe

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

sa mga mag-aaral, lalo na sa mga hybrid o sabayang harapan at online na klase. Bukod sa teknikal na benepisyo nito, may pedagogical na epekto rin ito. Ipinakita sa pananaliksik ng FrontRow (2023) na ang malinaw na tunog mula sa guro ay may positibong impluwensiya sa kamalayang ponemiko ng mga mag-aaral, isang mahalagang aspekto sa pag-unawa sa pagbasa at iba pang kasanayang pangwika, na sentral sa panitikang Filipino.

**Lapel Microphone sa Pagtuturo ng Panitikang Filipino**

Ang paggamit ng lapel microphone ay kinikilala bilang isang makabagong inobasyon sa edukasyon na may direktang epekto sa kalidad ng komunikasyon sa silid-aralan. Ayon sa American University in Cairo (2023), ang lapel ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kalidad ng tunog at pagbabawas ng alingawngaw, bagay na mahalaga sa malinaw na transmisyon ng mensahe sa mga mag-aaral, lalo na sa mga hybrid o sabayang harapan at online na klase. Bukod sa teknikal na benepisyo nito, may pedagogical na epekto rin ito. Ipinakita sa pananaliksik ng FrontRow (2023) na ang malinaw na tunog mula sa guro ay may positibong impluwensiya sa kamalayang ponemiko ng mga mag-aaral, isang mahalagang aspekto sa pag-unawa sa pagbasa at iba pang kasanayang pangwika, na sentral sa panitikang Filipino.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ni SchallerTech (2023) ang kalayaang idinudulot ng lapel sa mga guro upang makagalaw nang malaya sa klase habang nagtuturo, na lumilikha ng mas interaktibong kapaligiran ng pagkatuto. Sa pagtuturo ng panitikang Filipino, ang ganitong mobility ay may malaking ambag sa pagpapadama ng emosyon, tono, at intensyon ng mga akda alo na sa pagbasa ng mga tula o dula. Ayon kay TeachLogic (2019), ang ganitong artikulasyon ay nagbubukas ng mas malalim na koneksyon ng mga mag-aaral sa mensahe ng teksto.

Gayunpaman, paalala rin ng American University in Cairo (2023) na ang silid-aralan ay dapat ding isasaalang-alang sa kabuuang disenyo ng tunog upang matamo ang ganap na benepisyo mula sa teknolohiya. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga datos na ang lapel ay hindi lamang teknikal na kagamitan kundi isang pedagogikal na kasangkapan para sa mas epektibo at makabuluhang pagtuturo ng panitikang Filipino.

**LCD Projector sa Pagtuturo ng Panitikang Filipino**

Samantala, ang LCD projector ay isa ring pangunahing kagamitan sa pagtuturo na may malawak na aplikasyon sa mga paksang nangangailangan ng visual aid, gaya ng panitikang Filipino. Sa pananaliksik nina Sari, Zulaikha, Puska, at Norza (2024), lumitaw na ang paggamit ng LCD projector ay nakapagpapataas ng aktibidad at konsentrasyon ng mga mag-aaral sa klase, na mahalaga sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan. Kaugnay nito, tinukoy nina Imanuela at Setiawan (2025) ang papel ng projector sa pagpapataas ng motibasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral, lalo na sa mga visual na presentasyon ng nilalaman ng aralin.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Dagdag pa rito, napatunayan nina Onu at Uchenna (2023) na ang pagkakaroon ng sapat na kagamitang tulad ng LCD projector ay may positibong impluwensiya sa pagtuturo ng mga asignatura gaya ng Agham Pangkompyuter, at maaari ring i-extend sa mga araling panliteratura. Gayunman, kinilala rin nila ang mga hamong teknikal na kaakibat nito, gaya ng kakulangan sa kasanayan ng mga guro sa paggamit nito, pati na rin ang limitadong access sa kagamitan. Dahil dito, kinakailangang bigyan ng sapat na pagsasanay at suporta ang mga guro upang mas mapakinabangan ang benepisyong pedagogikal ng LCD projector.

Sa kabuuan, ang LCD projector ay isang mabisang midya ng pagtuturo sa panitikang Filipino dahil sa kakayahan nitong maghatid ng biswal na suporta, nagpapataas ng interes, at nakatutulong sa malalimang diskurso. Gayunman, mahalaga rin ang tamang paggamit at pedagogical alignment upang mapanatili ang kalidad ng pagkatuto.

Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang antas ng paggamit ng kagamitang panteknolohiya ng mga piling guro sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa Davao del Norte at suriin ang kaugnayan nito sa kasanayang pampanitikan ng mga mag-aaral. Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral ukol sa teknolohiya sa edukasyon, kakaunti ang nakatuon sa asignaturang panitikan, lalo na sa lokal na konteksto ng mga pampublikong paaralan sa nasabing rehiyon. Inaasahang makatutulong ang resulta ng pag-aaral na ito sa mga guro, tagapamahala ng paaralan, at tagapagdisenyo ng kurikulum upang higit na mapalakas ang episyente, makabago, at kontekstuwalisadong pagtuturo ng Panitikang Filipino.

**Sintesis**

Ang pag-aaral sa paggamit ng kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikang pambansa ay nagpapakita ng mahalagang ugnayan sa paglinang ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Batay sa mga kaugnay na literatura, malinaw na ang mga makabagong teknolohiya tulad ng kompyuter, lapel, Microsoft PowerPoint, at LCD projector ay nagsisilbing epektibong kasangkapan upang mapataas ang antas ng partisipasyon, pag-unawa, at motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan. Ang integrasyon ng mga kagamitang ito ay hindi lamang nagpapadali ng presentasyon ng mga aralin, kundi mas mahalaga, ito ay nagpapalalim sa interaktibong diskurso at malikhaing pagpapahayag ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, nananatiling pangunahing layunin ng pagtuturo ng panitikang pambansa ang paglinang sa mga kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Ang tagumpay sa pagtuturo ng mga kasanayang ito ay hindi lamang nakasalalay sa kakayahan ng guro, kundi sa masinop at tamang paggamit ng mga kagamitang teknolohikal na angkop sa bawat aralin. Sa ganitong kalagayan, ang pag-uugnay ng tradisyonal na pedagogiya at makabagong teknolohiya ay nagbubunga ng mas inklusibo, makabuluhan, at makabansang edukasyon sa larangan ng panitikan. Ang pinagsanib na estratehiyang ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at mas mataas na pagpapahalaga sa diwa at saysay ng panitikang pambansa.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved


**Teoretikal at Konseptuwal na Balangkas**

Tatlong teoryang pang-edukasyon ang nagsisilbing pundasyon ng pananaliksik na ito. Una, ang Teoryang Konstrukstibismo nina Jean Piaget (1970) at Lev Vygotsky (1978) ay nagpapalagay na ang pagkatuto ay bunga ng aktibong interaksyon ng mag-aaral sa kanyang kapaligiran. Sa pagtuturo ng panitikan, ang paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya ay nagbibigay ng makabuluhang oportunidad sa mga mag-aaral na aktibong tuklasin at bigyang-kahulugan ang mga akdang pampanitikan.

Ikalawa, nakaangkla rin ang pananaliksik sa TPACK Framework nina Mishra at Koehler (2006), na nagsusuri kung paano epektibong napagsasama ng guro ang kaalaman sa nilalaman (content), pedagohiya (pedagogy), at teknolohiya (technology). Ang paggamit ng lapel, kompyuter, at LCD projector ay nagiging matagumpay na interbensyon kapag ito ay maayos na isinama sa disenyo ng pagtuturo ng panitikan.

Ikatlo, isinasaalang-alang ang Media Richness Theory nina Daft at Lengel (1986), na nagpapakita ng bisa ng midyum sa paghahatid ng makabuluhang komunikasyon. Ang mga kagamitang may mataas na media richness, tulad ng lapel microphone at LCD projector, ay epektibong naghahatid ng biswal, berbal, at oditoryal na impormasyon na may kaugnayan sa mas malalim na pag-unawa sa damdamin at mensahe ng akda.

Sa kabuuan, ang Konstrukstibismo, TPACK Framework, at Media Richness Theory ay nagsisilbing matibay na batayan kung bakit ang paggamit ng teknolohiya ay hindi lamang suplemento, kundi isang mahalagang salik sa makabagong pagtuturo ng panitikang Filipino. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito, mas nabibigyang-katwiran ang paggamit ng teknolohiya bilang kasangkapan sa pagpapahusay ng kasanayang pampanitikan ng mga mag-aaral.




**Talangguhitan Bilang 1: Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaralhe**

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## II. Pamamaraan

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo, na naglalayong mailarawan ang kasalukuyang antas ng paggamit ng kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikang Filipino at matukoy ang ugnayan nito sa mga kasanayang pampanitikan ng mga mag-aaral tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Ang deskriptibong bahagi ay tumalakay sa dalas at anyo ng paggamit ng mga kagamitang teknolohikal, samantalang ang korelasyonal na bahagi ay sumuri kung may estadistikong kaugnayan ang dalawang baryabol: ang antas ng paggamit ng teknolohiya at ang antas ng kasanayang pampanitikan. Ang disenyo ay napiling gamitin sapagkat ito ay angkop sa layunin ng pananaliksik na parehong nagsusuri ng kalagayan at relasyon ng mga datos.

### Mga Kalahok sa Pananaliksik

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay 58 piling guro mula sa mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Davao del Norte na nagtuturo ng Panitikang Pambansa sa Baitang 7 para sa taong panuruan 2024–2025. Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ang simple random sampling sa pamamagitan ng fishbowl method. Ang bawat guro ay may pantay na pagkakataong mapili, alinsunod sa pamantayang itinatag nina Creswell at Creswell (2022) para sa representatibong sample. Kabilang sa mga pamantayan sa pagpili ang mga sumusunod: (1) kasalukuyang nagtuturo ng Panitikang Pambansa, (2) may hindi bababa sa dalawang taon ng karanasan sa pagtuturo, at (3) aktibong gumagamit ng kagamitang panteknolohiya sa silid-aralan.

### Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng tseklist na nakabatay sa Likert scale bilang pangunahing instrumento sa pagkalap ng datos. Ang instrumento ay nahati sa dalawang bahagi: una, ang pagsusuri sa antas ng epektibong paggamit ng kagamitang panteknolohiya tulad ng kompyuter, lapel, at LCD projector; at ikalawa, ang pagtataya sa antas ng kasanayang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng rubrik na sumasaklaw sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Bawat bahagi ay binubuo ng limang pahayag na sinasagutan gamit ang limang antas ng pagkapayag (1–5) mula sa "Pinakamababa" hanggang sa "Pinakamataas." Ang mga aytem sa instrumento ay inangkop mula sa mga umiiral na literatura at sinuri ng mga eksperto upang matiyak ang balido at maaasahang resulta.

### Pagkalap ng Datos

Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng pisikal na pamamahagi ng questionnaire sa mga napiling kalahok. Ipinaliwanag sa mga guro ang layunin ng pag-aaral, at sinigurado na sila ay kusang-loob na lumahok sa pananaliksik. Binigyang-oras silang sagutan ang mga tanong sa isang ligtas, tahimik, at maayos na kapaligiran upang matiyak ang kawastuhan ng kanilang mga tugon.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Sinigurado rin ng mananaliksik ang pagiging lihim at hindi pagkakakilanlan ng mga kalahok sa buong proseso.

**Paraan ng Pagsusuri ng Datos**

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang estadistikang deskriptibo tulad ng mean at standard deviation upang matukoy ang antas ng paggamit ng teknolohiya at kasanayang pampanitikan. Upang tukuyin naman ang kaugnayan sa pagitan ng dalawang pangunahing baryabol, ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient (Pearson r). Sa tulong ng mga estadistikang ito, masinsing nasuri ang ugnayan ng teknolohiya at kasanayan sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Ang interpretasyon ng mga resulta ay batay sa itinakdang saklaw ng mean at pamantayang deskriptibo mula sa instrumento ng pananaliksik.

**Pagtalakay sa Kinalabasan**

Ang bahaging ito ng pag-aaral ay naglalayong ipaliwanag at suriin ang mga kinalabasan ng pananaliksik batay sa mga nakalap na datos mula sa mga guro ng Panitikang Pambansa sa Davao del Norte. Ginamit ang mga istatistikal na paraan tulad ng mean, standard deviation, Pearson r, at multiple regression analysis upang mailarawan ang antas ng paggamit ng teknolohiya at matukoy ang kaugnayan nito sa kasanayang pampanitikan. Ang talakayang ito ay nakabatay sa interpretasyon ng mga numerikal na datos at sinusuportahan ng mga teorya at umiiral na literatura. Hinihimay sa sumusunod na bahagi ang mga pangunahing natuklasan sa tatlong tematikong dimensyon: (1) Paggamit ng Kagamitang Panteknolohiya, (2) Kasanayang Pampanitikan sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa, at (3) Ugnayan ng Dalawang Baryabol.

**Paggamit ng Kagamitang Panteknolohiya**

Batay sa resulta ng pananaliksik, lumitaw na ang mga pampublikong guro sa Davao del Norte ay may mataas na antas ng paggamit ng kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikang Pambansa. Pinakamadalas gamitin ang kompyuter, na tumanggap ng pinakamataas na mean score sa lahat ng aspekto ng paggamit. Kadalasan itong ginagamit sa paggawa ng mga gawaing pampanitikan, pagbubuo ng presentasyon, at paghahanap ng makabuluhang sanggunian na maaaring ipaloob sa mga aralin. Ang lapel naman ay kinikilala bilang isang mahalagang kagamitan na tumutulong sa pagpapalinaw ng tinig ng guro, pagpapalakas ng delivery, at sa pagpapanatili ng atensyon ng mga mag-aaral, lalo na sa mga malalaking silid-aralan. Samantala, ang LCD projector ay ginagamit bilang midya para sa presentasyon ng mga visual aid, ngunit ang paggamit nito ay may bahagyang limitasyon bunga ng kakulangan ng kagamitan sa ilang paaralan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 1. Kagamitang Panteknolohiya batay sa indikator na Kompyuter.**

| | Pahayag | Mean | SD | Katumbas |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Madalas kong ginagamit ang kompyuter sa paghahanda ng aralin sa Panitikang Pambansa. | | 0.59 | Pinakamataas |
| 2. | Nakatutulong ang kompyuter upang makahanap ng makabuluhang sanggunian ukol sa panitikan. | 4.47 | 0.56 | Pinakamataas |
| 3. | Nagiging mas organisado ang presentasyon ng aralin kapag gumagamit ng kompyuter. | 4.41 | 0.59 | Pinakamataas |
| 4. | Natutulungan ako ng kompyuter sa paggawa ng aktibidad na angkop sa paksang pampanitikan. | 4.48 | 0.56 | Pinakamataas |
| 5. | May sapat akong kasanayan sa paggamit ng kompyuter sa pagtuturo. | 4.34 | 0.57 | Pinakamataas |
| | **Pangkalahatan** | 4.42 | 0.57 | Pinakamataas |

**Kasanayang Pampanitikan sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa**

Lumabas din sa pag-aaral na ang kasanayang pampanitikan ng mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Pambansa ay nasa mataas na antas. Pinakamataas sa apat na kasanayan ang pagsulat, na may mean na 4.65. Ipinapahiwatig nito na nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mailapat ang kanilang natutunan sa malikhaing at mapanuring paraan. Kapwa nakapagtala ng mean na 4.61 ang pakikinig at pagsasalita, na nagpapakita ng mataas na interaktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa oral na diskurso, pagbabahagi ng kuro-kuro, at pagtanggap ng impormasyon. Ang pagbasa naman ay may mean na 4.60, na nagpapakita rin ng matibay na pundasyon ng mga guro sa paglinang ng kasanayan sa interpretasyon at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang apat na makrong kasanayan ay napagyayaman sa pamamagitan ng mahusay na paggamit ng teknolohiya sa klasrum.

**Talahanayan 2. Kagamitang Panteknolohiya batay sa indikator na Lapel.**

| | Pahayag | Mean | SD | Katumbas |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Ginagamit ko ang lapel upang mas malinaw na marinig ng mga mag-aaral ang aking pagtuturo. | 4.07 | 0.69 | Pinakamataas |
| 2. | Nakatutulong ang lapel upang mapanatili ang atensyon ng mag-aaral habang tinatalakay ang aralin. | 4.17 | 0.67 | Pinakamataas |
| 3. | Mas komportable akong magturo ng panitikan gamit ang lapel kaysa sa walang gamit na audio. | 4.05 | 0.71 | Pinakamataas |
| 4. | Ang paggamit ng lapel ay nagdaragdag sa bisa ng pagtalakay sa mga akdang pampanitikan. | 4.17 | 0.67 | Pinakamataas |
| 5. | May sapat akong kaalaman sa tamang paggamit at pangangalaga sa lapel. | 4.09 | 0.70 | Pinakamataas |
| | **Pangkalahatan** | 4.11 | 0.68 | Pinakamataas |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Ugnayan ng Paggamit ng Teknolohiya at Pagtuturo ng Panitikan**

Ayon sa isinagawang korelasyon gamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient, lumitaw ang isang positibong ugnayan sa pagitan ng antas ng paggamit ng kagamitang panteknolohiya at antas ng kasanayang pampanitikan sa pagtuturo ng Panitikang Pambansa. Ang naitalang r-value na 0.386 at p-value na 0.003 ay nagpapahiwatig na may statistically significant relationship sa pagitan ng dalawang baryabol. Samakatuwid, habang mas mataas ang paggamit ng teknolohiya, mas tumataas din ang kalidad ng pedagogikal na implementasyon ng mga guro sa larangan ng panitikan.

Dagdag pa rito, gamit ang multiple regression analysis, natukoy na ang kompyuter at lapel lamang ang may makabuluhang epekto sa pagtuturo ng Panitikang Pambansa. Sa kabilang banda, ang LCD projector at PowerPoint presentation ay hindi nagpakita ng statistically significant na kontribusyon sa modelong ginamit. Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na ang mga kagamitang direktang ginagamit ng guro sa paghahatid ng nilalaman at pagpapalinaw ng impormasyon ay mas may tiyak na epekto sa pagkatuto ng mag-aaral, kumpara sa mga visual aid na may limitadong accessibility o gamit.

**Talahanayan 3. Kagamitang Panteknolohiya batay sa indikator na LCD Projector**

| | Pahayag | Mean | SD | Katumbas |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Ginagamit ko ang LCD projector sa pagpapakita ng visual materials sa aralin. | 3.79 | 0.76 | Mataas |
| 2. | Ang paggamit ng LCD projector ay nagpapadali ng presentasyon ng nilalaman. | 3.84 | 0.76 | Mataas |
| 3. | Ang mga larawan at bidyong Ipinakikitasa projector ay nakatutulong sa pag-unawa ng panitikan. | 3.88 | 0.79 | Mataas |
| 4. | May sapat na kagamitan sa aming paaralan para sa paggamit ng LCD projector. | 3.72 | 0.76 | Mataas |
| 5. | Komportable akong gumamit ng LCD projector sa pagtuturo. | 3.78 | 0.75 | Mataas |
| | **Pangkalahatan** | 3.80 | 0.76 | Mataas |

## III. Pagtalakay sa Kinalabasan

**Pagtalakay sa Kinalabasan**

Ang bahaging ito ng pag-aaral ay naglalayong ipaliwanag at suriin ang mga kinalabasan ng pananaliksik batay sa mga nakalap na datos mula sa mga guro ng Panitikang Pambansa sa Davao del Norte. Ginamit ang mga istatistikal na paraan tulad ng mean, standard deviation,

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Pearson r, at multiple regression analysis upang mailarawan ang antas ng paggamit ng teknolohiya at matukoy ang kaugnayan nito sa kasanayang pampanitikan. Ang talakayang ito ay nakabatay sa interpretasyon ng mga numerikal na datos at sinusuportahan ng mga teorya at umiiral na literatura. Hinihimay sa sumusunod na bahagi ang mga pangunahing natuklasan sa tatlong tematikong dimensyon: (1) Paggamit ng Kagamitang Panteknolohiya, (2) Kasanayang Pampanitikan sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa, at (3) Ugnayan ng Dalawang Baryabol.

**Paggamit ng Kagamitang Panteknolohiya**

Batay sa resulta ng pananaliksik, lumitaw na ang mga pampublikong guro sa Davao del Norte ay may mataas na antas ng paggamit ng kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikang Pambansa. Pinakamadalas gamitin ang kompyuter, na tumanggap ng pinakamataas na mean score sa lahat ng aspekto ng paggamit. Kadalasan itong ginagamit sa paggawa ng mga gawaing pampanitikan, pagbubuo ng presentasyon, at paghahanap ng makabuluhang sanggunian na maaaring ipaloob sa mga aralin. Ang lapel naman ay kinikilala bilang isang mahalagang kagamitan na tumutulong sa pagpapalinaw ng tinig ng guro, pagpapalakas ng delivery, at sa pagpapanatili ng atensyon ng mga mag-aaral, lalo na sa mga malalaking silid-aralan. Samantala, ang LCD projector ay ginagamit bilang midya para sa presentasyon ng mga visual aid, ngunit ang paggamit nito ay may bahagyang limitasyon bunga ng kakulangan ng kagamitan sa ilang paaralan.

**Talahanayan 1.** Kagamitang Panteknolohiya batay sa indikator na Kompyuter.

| | Pahayag | Mean | SD | Katumbas |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Madalas kong ginagamit ang kompyuter sa paghahanda ng aralin sa Panitikang Pambansa. | | 0.59 | Pinakamataas |
| 2. | Nakatutulong ang kompyuter upang makahanap ng makabuluhang sanggunian ukol sa panitikan. | 4.47 | 0.56 | Pinakamataas |
| 3. | Nagiging mas organisado ang presentasyon ng aralin kapag gumagamit ng kompyuter. | 4.41 | 0.59 | Pinakamataas |
| 4. | Natutulungan ako ng kompyuter sa paggawa ng aktibidad na angkop sa paksang pampanitikan. | 4.48 | 0.56 | Pinakamataas |
| 5. | May sapat akong kasanayan sa paggamit ng kompyuter sa pagtuturo. | 4.34 | 0.57 | Pinakamataas |
| | **Pangkalahatan** | 4.42 | 0.57 | Pinakamataas |

**Kasanayang Pampanitikan sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa**

Lumabas din sa pag-aaral na ang kasanayang pampanitikan ng mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Pambansa ay nasa mataas na antas. Pinakamataas sa apat na kasanayan ang pagsulat, na may mean na 4.65. Ipinapahiwatig nito na nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mailapat ang kanilang natutunan sa malikhaing at mapanuring paraan. Kapwa nakapagtala ng mean na 4.61 ang pakikinig at pagsasalita, na nagpapakita ng mataas na interaktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa oral na diskurso, pagbabahagi ng kuro-kuro, at pagtanggap ng

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

impormasyon. Ang pagbasa naman ay may mean na 4.60, na nagpapakita rin ng matibay na pundasyon ng mga guro sa paglinang ng kasanayan sa interpretasyon at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang apat na makrong kasanayan ay napagyayaman sa pamamagitan ng mahusay na paggamit ng teknolohiya sa klasrum.

**Talahanayan 2. Kagamitang Panteknolohiya batay sa indikator na Lapel.**

| Pahayag | Mean | SD | Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. Ginagamit ko ang lapel upang mas malinaw na marinig ng mga mag-aaral ang aking pagtuturo. | 4.07 | 0.69 | Pinakamataas |
| 2. Nakatutulong ang lapel upang mapanatili ang atensyon ng mag-aaral habang tinatalakay ang aralin. | 4.17 | 0.67 | Pinakamataas |
| 3. Mas komportable akong magturo ng panitikan gamit ang lapel kaysa sa walang gamit na audio. | 4.05 | 0.71 | Pinakamataas |
| 4. Ang paggamit ng lapel ay nagdaragdag sa bisa ng pagtalakay sa mga akdang pampanitikan. | 4.17 | 0.67 | Pinakamataas |
| 5. May sapat akong kaalaman sa tamang paggamit at pangangalaga sa lapel. | 4.09 | 0.70 | Pinakamataas |
| **Pangkalahatan** | 4.11 | 0.68 | Pinakamataas |

**Ugnayan ng Paggamit ng Teknolohiya at Pagtuturo ng Panitikan**

Ayon sa isinagawang korelasyon gamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient, lumitaw ang isang positibong ugnayan sa pagitan ng antas ng paggamit ng kagamitang panteknolohiya at antas ng kasanayang pampanitikan sa pagtuturo ng Panitikang Pambansa. Ang naitalang r-value na 0.386 at p-value na 0.003 ay nagpapahiwatig na may statistically significant relationship sa pagitan ng dalawang baryabol. Samakatuwid, habang mas mataas ang paggamit ng teknolohiya, mas tumataas din ang kalidad ng pedagogikal na implementasyon ng mga guro sa larangan ng panitikan.

Dagdag pa rito, gamit ang multiple regression analysis, natukoy na ang kompyuter at lapel lamang ang may makabuluhang epekto sa pagtuturo ng Panitikang Pambansa. Sa kabilang banda, ang LCD projector at PowerPoint presentation ay hindi nagpakita ng statistically significant na kontribusyon sa modelong ginamit. Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na ang mga kagamitang direktang ginagamit ng guro sa paghahatid ng nilalaman at pagpapalinaw ng impormasyon ay mas may tiyak na epekto sa pagkatuto ng mag-aaral, kumpara sa mga visual aid na may limitadong accessibility o gamit.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 3.** Kagamitang Panteknolohiya batay sa indikator na LCD Projector

| Pahayag | Mean | SD | Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. Ginagamit ko ang LCD projector sa pagpapakita ng visual materials sa aralin. | 3.79 | 0.76 | Mataas |
| 2. Ang paggamit ng LCD projector ay nagpapadali ng presentasyon ng nilalaman. | 3.84 | 0.76 | Mataas |
| 3. Ang mga larawan at bidyong Ipinakikitasa projector ay nakatutulong sa pag-unawa ng panitikan. | 3.88 | 0.79 | Mataas |
| 4. May sapat na kagamitan sa aming paaralan para sa paggamit ng LCD projector. | 3.72 | 0.76 | Mataas |
| 5. Komportable akong gumamit ng LCD projector sa pagtuturo. | 3.78 | 0.75 | Mataas |
| **Pangkalahatan** | 3.80 | 0.76 | Mataas |

## IV. Konklusyon

Sa kabanatang ito, inilalahad ang mga kongklusyon at rekomendasyong nabuo batay sa resulta ng pagsusuri sa ugnayan ng paggamit ng kagamitang panteknolohiya at pagtuturo ng Panitikang Pambansa ng mga guro sa Davao del Norte. Layunin ng bahaging ito na hindi lamang ibuod ang mahahalagang natuklasan kundi magmungkahi rin ng mga konkretong hakbang para sa pagpapabuti ng pedagogikal na integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng panitikan.

Batay sa naging resulta ng pananaliksik, napatunayan na ang paggamit ng kagamitang panteknolohiya ay may positibong epekto sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Sa partikular, lumitaw na ang kompyuter at lapel microphone ang madalas gamitin ng mga guro sa pagtuturo, at ito rin ang may makabuluhang kontribusyon sa pagpapabuti ng kanilang pedagogikal na kakayahan. Ayon sa pag-aaral ng American University in Cairo (2023), ang paggamit ng lapel microphone ay nakatutulong sa pagpapalinaw ng tunog at pagbawas ng alingawngaw, na mahalaga sa pag-unawa at pagdama ng mga mag-aaral sa aralin. Bukod dito, ayon kay TeachLogic (2019), ang malinaw na artikulasyon ng guro sa pagbasa ng mga tekstong pampanitikan ay mas epektibong naipapahayag sa pamamagitan ng lapel microphone, samantalang ayon naman kay SchallerTech (2023), ang mobility na dulot ng lapel ay lumilikha ng isang interaktibong kapaligiran sa loob ng klase. Ipinakita rin ng FrontRow (2023) na ang malinaw na tunog mula sa guro ay may direktang kaugnayan sa mas mataas na kamalayang ponemiko ng mga mag-aaral.

Samantala, napag-alamang ang paggamit ng LCD projector ay isang mahalagang midya na may positibong epekto sa pagkatuto. Sa pananaliksik nina Sari, Zulaikha, Puska, at Norza (2024), lumitaw na ang paggamit ng LCD projector ay nakapagpapataas ng konsentrasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral. Ayon naman kina Imanuela at Setiawan (2025), ang paggamit nito ay

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

nagpapataas ng motibasyon at interes ng mga mag-aaral sa aralin. Sa kabila nito, nabanggit din nina Onu at Uchenna (2023) ang mga limitasyon gaya ng kakulangan sa kasanayan ng guro at limitadong access sa kagamitan, na maaaring makaapekto sa paggamit ng mga teknolohiyang ito sa silid-aralan.

Sa kabuuan, ang paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya tulad ng lapel microphone at LCD projector ay may mahalagang papel sa mas epektibong pagtuturo ng Panitikang Filipino. Ang malinaw na tunog, interaktibong presentasyon, at mobility ng guro ay nag-aambag sa mas mataas na antas ng partisipasyon, pag-unawa, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan. Ang mga konklusyong ito ay umaayon sa mga prinsipyong nakapaloob sa Konstrukstibismo, TPACK Framework, at Media Richness Theory na pawang nagbibigay-diin sa integrasyon ng teknolohiya upang mapahusay ang proseso ng pagkatuto.

## V. Recommendations

Batay sa mga kinalabasan ng pananaliksik, mariing inirerekomenda ang patuloy at sistematikong paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Inirerekomenda sa mga guro na mas paigtingin ang paggamit ng lapel microphone sa kanilang mga klase upang mapabuti ang kalidad ng tunog, artikulasyon ng pagbasa ng mga akdang pampanitikan, at mapanatili ang interaktibong ugnayan sa mga mag-aaral. Ipinakikita ng mga pag-aaral (American University in Cairo, 2023; TeachLogic, 2019; FrontRow, 2023) na malaki ang naitutulong ng lapel sa pagtaas ng kamalayang ponemiko at konsentrasyon ng mga mag-aaral.

Gayundin, hinihikayat ang mga guro na gumamit ng LCD projector upang mas mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga abstraktong konsepto sa panitikan. Ang biswal na presentasyon ng nilalaman ng aralin ay nakatutulong upang mapataas ang antas ng pakikilahok, motibasyon, at atensyon ng mga mag-aaral sa klase (Sari et al., 2024; Imanuela & Setiawan, 2025). Gayunpaman, dapat ding tiyakin ang sapat na kaalaman ng mga guro sa wastong paggamit nito upang maiwasan ang mga suliraning teknikal na maaaring makasagabal sa daloy ng pagtuturo (Onu & Uchenna, 2023).

Para naman sa mga tagapamahala ng paaralan, mainam na maglaan ng pondo at teknikal na suporta para sa pagbili, pagpapanatili, at pagsasaayos ng mga kagamitang panteknolohiya tulad ng kompyuter, lapel microphone, at LCD projector. Hinihikayat din ang pagsasagawa ng mga workshop, seminar, at mentoring sessions upang mahasa pa ang kakayahan ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng panitikan.

Bilang panghuli, inirerekomenda sa mga tagagawa ng patakaran na isama ang mga pamantayang teknolohikal sa pagbubuo ng pambansang kurikulum, at magbigay ng subsidiya at akses sa mga paaralan, lalo na sa mga nasa liblib na lugar. Sa ganitong paraan, matitiyak na magiging pantay-pantay ang oportunidad ng bawat guro at mag-aaral na makinabang sa benepisyong hatid ng makabagong teknolohiya sa edukasyon. Inirerekomenda rin na ipagpatuloy

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ang pananaliksik kaugnay sa epekto ng teknolohiya sa iba't ibang kasanayang pampanitikan upang higit pang mapalalim ang pag-unawa sa bisa nito sa larangan ng pagtuturo.

## SANGGUNIAN

[1] Ali, S. M. (2023). Pagpapakahulugan sa mean bilang sukatan sa antas ng paggamit ng teknolohiyang panturo sa pagtuturo ng panitikang Filipino. Philippine Journal of Educational Measurement, 12(2), 33–45.

[2] American University in Cairo. (2023). Microphone technology in hybrid classrooms. https://fount.aucegypt.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=6759&context=faculty_journal_articles

[3] Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2022). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (6th ed.). SAGE Publications.

[4] Daft, R. L., & Lengel, R. H. (1986). Organizational information requirements, media richness and structural design. Management Science, 32(5), 554–571. https://doi.org/10.1287/mnsc.32.5.554

[5] Eguia, M. L. G. (2023). Gamit sa makrong kasanayan ng pagsasalita ng mga mag-aaral. Cognizance Journal, 4(5), 33–45.

[6] Felonia, M. P. (2021). Ang Pagtuturo ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/356426508_Ang_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

[7] FrontRow. (2023). Enhancing phonemic awareness with classroom audio. https://www.gofrontrow.com/news/enhancing-phonemic-awareness-with-classroom-audio/

[8] Imanuela, P., & Setiawan, D. (2025). Qualitative study on the implementation of visual projector media in students' learning motivation. Jurnal Teknologi Pendidikan, 27(1), 219–229. https://journal.unj.ac.id/unj/index.php/jtp/article/download/53828/19968/156494

[9] Meneses, J. L. (2021). Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya.ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/353435293_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

[10] Mishra, P., & Koehler, M. J. (2006). Technological pedagogical content knowledge: A framework for teacher knowledge. Teachers College Record, 108(6), 1017–1054. https://doi.org/10.1111/j.1467-9620.2006.00684.x

[11] Peralta, M. D. (2021). Epektibong paggamit ng teknolohiyang panturo: Pagsusuri sa kompyuter, laptop, Microsoft PowerPoint, at LCD projector bilang mga kagamitan sa pagtuturo. Philippine Journal of Educational Technology, 15(1), 12–25.

[12] Piaget, J. (1970). Science of education and the psychology of the child (D. Coltman, Trans.). Orion Press.

[13] Sari, I. A., Zulaikha, S., Puska, N., & Norza, M. (2024). Utilization of projector technology in 21st century learning: What is the impact on student learning outcomes? International Journal of Education and TeachingZone,3(2). https://www.researchgate.net/publication/381850245_Utilization_of_Projector_Technology_in_21st_Century_Learning_What_is_the_Impact_on_Student_Learning_Outcomes

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[14] SchallerTech. (2023). Classroom microphones: Enhancing lecture clarity for students. https://schallertech.com/en/microphones-for-classrooms/
[15] TeachLogic. (2019). How classroom microphone technology benefits students & teachers. https://teachlogic.com/wp-content/uploads/2019/10/TL_BenefitsBrochure_20191011.pdf
[16] Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved